



Si G. at Gng. Vicente Cruz at ang kanilang tahanan

Pag-IBIG Fund, katuwang mo sa pag-ganda ng iyong buhay

Si G. Vicente “Vic” Iligan Cruz, 52 anyos, may asawa at tatlong anak ay isa sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na lubos na nakakaunawa sa mga programa at benepisyong hatid ng pagiging kasapi ng Pag-IBIG Fund. Kung kaya’t, hindi nakakapagtaka, kung bakit ito ang naging katuwang niya sa unti-unting pagtupad ng kanyang pangarap para sa kanyang pamilya.

Maging ang kanyang maybahay na si Gng. Cristina Erive-Cruz na siya naming nakapanayam ay pamilyar sa Pag-IBIG Fund sapagkat siya rin ay miyembro nito noong panahong siya ay nagtatrabaho pa sa Dubai. Sa kasalukuyan, si Cristina ay isa nang *fulltime housewife and mother* sa kanilang mga anak. Ayon sa kanya, regular niyang inaalang ang mga bagong programa ng Pag-IBIG at ito ay kanya namang ipinapaalam kay Vic, isang seaman na laging nasa kalagitnaan ng karagatan kung kaya’t limitado ang nakukuhang balita o impormasyon.

Taong 1995 nang magsimulang sumakay ng barko si Vic bilang isang *boson*. Makalipas ang apat na taon, siya ay nagpasiyang maging kasapi ng Pag-IBIG Overseas Program (POP) na noon ay isang boluntaryong programa para sa mga OFWs. Sa halagang \$40 na buwanang impok, si Vic ay dalawang beses nang nakapag housing loan sa Pag-IBIG. Kamakailan nga lamang ay natanggap niya ang kanyang Multi-Purpose loan na nagkakahalaga ng P 257,015.01. Ayon kay Cristina, ang halagang ito ay ginamit nila sa pag-aaral ng kanilang mga anak, pag-papaayos ng bahay, at pambayad sa mga mangilan-ngilang pinagkakautangan.

Oktubre 2000 nang mabili ng mag-asawa ang kanilang unang bahay at lupa sa Biñan, Laguna sa halagang P 500,000.00. Sa pagsusumikap ni Vic, ang pagkakautang na ito ay nagawa niyang mabayaran sa loob ng anim na taon lamang. “Pero lumalaki na ang mga bata kaya nagdesisyon kaming mag-asawa na magpatayo ng malaki-laking bahay”, pagkukuwento ni Cristina.

Dahil dito, ay muling nag-apply ng housing loan si Vic noong Abril 2009 sa ilalim ng programang Abot Kamay Pabahay. Sa pagkakataong ito, siya ay naaprubahan ng halagang P2,000,000.00 na kanyang babayaran sa loob ng 15 taon lamang.

Ang dating tahanan ng pamilyang Cruz ay kanilang pina-giba upang magpatayo ng mas maganda at mas malaking bahay. Palibhasa’y masinop sa buhay, ito ngayon ay hindi lamang nagsisilbing tirahan ng pamilya sapagkat ang ikalawang palapag nito ay pina-uupahan ni Cristina ng P10,000.00 kada buwan – malaking tulong na din sa mga gastusin sa bahay. Muling pagkukuwento ni Cristina, “Ang mga kakilala ko nga ay ini-*encourage* ko na maghulog sa Pag-IBIG kasi parang investment na rin ito tulad ng paupahan. At importante, sa pagtanda na may savings ka.. Sa banko kasi, hindi *safe*.”

At dahil nauunawaan nga ni Vic ang halaga at benepisyong hatid ng Pag-IBIG, hindi siya nakakalimot sa kanyang buwanang tungkulin bilang miyembro nito. Sa kasalukuyan, si Vic ay tuloy-tuloy pa rin sa kanyang pag-iimpok sa Pag-IBIG Fund, kasabay ng kanyang buwanang hulog sa kanyang housing loan.

Ang kuwento ni Vic at ng kanyang pamilya ay isang halimbawa lamang na ang Pag-IBIG Fund ay kasabay at kaagapay mo sa pag-ganda ng iyong buhay. Dahil sa regular na pag-iimpok at pagtangkilik sa mga programa ng ahensiya, lubos na napapakinabangan ni Vic ang mga benepisyo ng pagiging kasapi ng Pag-Fund.